Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-29 NG NOBYEMBRE, 1993 DITO SA BAHAY PAMAHALAAN

MGA DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ludovico C. Silang | - | Tagapamahala ng pulong |
| Kgg. Dolores S. Bago | - | Kagawad |
| Kgg. Rey T. Amparo | - | -do- |
| Kgg. Eduardo A. Buruanga | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Severino P. Bantugan | - | -do- |
| Kgg. Oscar C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Meynardo S. Bago | - | ABC Pangulo |
| Kgg. Ronald S. Rondael | - | SK Pangulo |

HINDI NAKADALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Elmo M. Baculinao | - | Kagawad |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

" RESOLUSYON BLG. 93-11-073

RESOLUSYON NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA HUMIHILING SA KAWANIHAN NG PAGGUGUBAT, KAGAWARAN NG KAPALIGIRAN AT LIKAS NA KAYAMANAN NA IBIGAY NA LAMANG SA BAYANG ITO ANG MGA NARRANG NAKUMPISKA NITO ( NG PAMAHALAANG BAYAN ) UPANG MAGAMIT SA MGA PAGAWAING-BAYAN AT PAGPAPAGAWA NG KAGAMITANG PANG-TANGGAPAN NG PAMAHALAANG LOKAL NG BULALACAO

"SAPAGKAT, ang pamahalaang lokal ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay nagsasagawa ng puspusang kampanya laban sa mga kilusan o mga taong responsable sa pagsira ng ating kapaligiran at kalikasan;

"SAPAGKAT, isa sa mga aspeto ng kampanyang ito ay ang ganap na pagpapatigil sa walang habag na pagputol ng mga kahoy sa kagubatan na nagiging sanhi ng mabilis na pagkapanot nito;

"SAPAGKAT, ang kampanyang ito ay nagresulta sa pagkakumpiska ng himigit-kumulang sa dalawandaang (200) talampakang narra noong Nobyembre 1993 sa lugar na nasasakupan ng Bayang ito;

"SAPAGKAT, sa kabila ng matibay na pagkilala ng pamahalaang lokal sa kapangyarihan at karapatang legal ng Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan hinggil sa mga usaping gaya ng pinapaksa nito, ay buong kababaang loob na hinihiling nito sa Kagawarang nabanggit na ibigay na lamang ang mga tablang nakumpiska sa Bayang ito upang magamit sa mga pagawaing-bayan at iba pa gaya ng mga kasangkapang pang-opisina na kung saan ang pamahalaang bayan ay may matinding kasalatan;

DAHIL DITO'Y IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro, sa pamamagitan ng Sangguniang Bayang ito na hilingin sa mga pinuno

Scanned with CamScanner

ng Kawanihan ng Paggugubat, Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman na ibigay na lamang sa bayang ito ang mga nakumpiskang narra upang magamit sa mga pagawaing bayan at magawang kasangkapang pang-tanggapan;

IPINAPASIYA PA RIN na ang orihinal na sipi ng Resolusyong ito ay ipadala sa pinuno ng Kawanihan sa Paggugubat, Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman, San Mariano, Roxas, Silangang Mindoro sa lalong madaling panahon para sa kanyang kabatiran at pagsasaalang-alang;

SA MUNGKAHI ni Kgg. Dolores S. Bago na pinangalawahan ng lahat ng mga Kagawad na dumalo, ang Resolusyong ito ay . . .

PINAGTIBAY NG LAHAT:"

Isinagawa sa Bulalacao, Silangang Mindoro ngayong ika-29 ng Nobyembre, 1993.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

KGG. DOLORES S. BAGO
Kagawad

KGG. REY T. AMPARO
Kagawad

KGG. EDUARDO A. BURUANGA
Kagawad

KGG. SENEN C. FAMILARA
Kagawad

KGG. SEVERINO P. BANTUGAN
Kagawad

KGG. OSCAR C. FAMILARA
Kagawad

KGG. ROSALINDA M. CABAGAY
Kagawad

KGG. MEYNARDO S. BAGO
ABC Pangulo

KGG. RONALD S. RONDAEL
SK Pangulo

SINAKSIHAN:

KGG. LUDOVICO C. SILANG
Pangalawang Punong Bayan/Tagapamahala ng pulong

NAGPAPATUNAY SA KAWASTUHAN AT KATOTOHANAN:

SIXTO C. BARRIENTOS
Kalihim ng Sanggunian

PINAGTIBAY:

GUILLERMO H. SALAS
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 12-20-93

-jap-